Report on the Wildlife of Jomalig
Ulat ng mga Buhay-ilang sa Jomalig

From 1999 to 2001 students from UPLB and from Oxford University in England have been studying the wildlife in the Polillo Islands in conjunction with the Polillo Ecology Stewardship Programme led by Vicente Yngente. The following information is as a result of a short visit made to Jomalig in September 2001, which we feel to be of most significance to members of your municipality:

Magmula pa noong 1999, and mga mag-aaral ng biyolohiya buhat pa sa UPLB at Oxford University sa Ingglatera ay nagsasagawa ng mga pag-aaral sa kagubatan at buhay-ilang ng buong Kapuluan ng Polillo kasabay ng Polillo Ecology Stewardship Programme (Programa sa Pangangasiwa ng Ekolohiya ng Polillo) na pinangungunahan ni Vicente Yngente. Ang mga sumusunod na kaalaman ay ang kinalabasan ng maikling pagbisita sa Jomalig noong Setyembre 2001 kaya inaasahan namin na maging makabuluhan sa bawat mamamayan ng inyong bayan:

PAPAN
Jomalig's population of Papan, a globally threatened species, is of outstanding importance and as such Jomalig is recognised internationally as an important bird area. The papan is alternatively known as the Philippine Duck, because it is almost exclusively confined to the Philippine archipelago. Throughout the Philippines, the Papan has declined dramatically from hunting and loss of its wetland habitat. Its population is thought to have decreased by over 20% in a period of just 10 years and today it faces a high risk of extinction. Jomalig is one of the last strongholds for the Papan and requires protection if its survival is to be secured for future generations.

Ang populasyon sa Jomalig ng Papan, isang nanganganib na uri ng ibon sa buong daigdig, ay napakahalaga kaya kinilala ang Jomalig bilang mahalagang lugar para sa mga ibon (important bird area). Ang papan ay kilala din bilang Philippine Duck dahil natatagpuan lamang ito sa buong kapuluan ng Pilipinas. Sa buong Pilipinas, ang bilang ng Papan ay bumaba ng matindi dahil sa pangangaso at pagkawala ng tirahang wetland. Ang populasyon ng Papan ay inakalang bumaba ng higit sa 20% sa loob lamang ng 10 taon at ngayon ay sadyang nanganganib. Ang Jomalig ang isa sa mga huling kanlungan ng Papan. Nangangailangan ang mga ito the pagkalinga upang masiguro ang kaligtasan nila para sa mga susunod na henerasyon.

Marshes and flooded rice paddies support the papan as well as populations of tagak, other wading birds and the Wandering Whistling duck (Baliwis); this latter duck has a whistling call rather than the distinctive harsh quacking of the Papan.

Ang mga marshes at matubig na palayan ay tumataguyod sa papan pati na din sa mga populasyon ng tagak, ibapang mga nagtatampisaw na ibon at baliwis; ang huling nabanggit na ibon ay sumisipol kapag humuhuni di tulad ng Papan na kumukuwak.

Small patches of forest on Jomalig are important roosting and feeding areas for such birds as the kilyawan and koel and for paniki (fruit bats). These large paniki that live only in the Philippines have become very rare throughout the country through a combination of hunting and loss of forest habitat.

Ang mga maliliit na gubat ng Jomalig ay mahalagang hapunan at kainan ng mga ibon tulad ng kilyawan at koel at para sa paniki (bayakan). Ang mga bayakang ito ay naninirahan lamang sa Pilipinas at bibihira ng makita sa buong bansa dahil sa pangangaso at pagkawala ng kagubatan.

The interior mangrove forests of Jomalig are fundamental breeding and nursery grounds for fish.

Sa kalooblooban ng mga gubat-bakawan ng Jomalig ay kailangan sa pagpaparami at narseri ng mga isda.

Areas marked on the map as grassland and as coconuts provide a rough classification of the landuse, although in many areas the two are interspersed.

Ang mga lugar na minarkahan na damuhan at niyogan ay nagbibigay ng di-tiyak na pag-uuri ng paggamit ng lupa bagaman maraming mga lugar kung saan ang dalawa ay magkasalit.

The Kalangay, a past resident of Jomalig is now sadly locally extinct on Jomalig. There is an urgent need to protect those species for which the opportunity remains.

Ang Kalangay, isang dating naninirahan sa Jomalig, ay naglaho na sa Jomalig. Kailangang mapangalagaan na ang mga uring nalalabi dahil may pagkakataon pa.

It would be valuable to:
Napakahalagan kung:

? Be aware that the papan is a very special bird that Jomalig residents should be proud of. It is not a pet, but should be treasured in its natural environment.
? *Mabatid na ang papan ay pambihirang ibon na maipagmamalaki ng mga taga-Jomalig. Hindi ito alagaing-hayop ngunit kailangang pahalagahan sa likas nitong kapaligiran.*
? Raise the profile of Jomalig's wildlife within the community – particularly the important status of the papan.
? *Pagtuonang pansin at talakayin ang mga buhay-ilang ng Jomalig sa loob ng komunidad lalong-lalo na ang kahalagahan at kalagayan ng papan.*
? Be vigilant/caution against: (1) Collectors of bird eggs and nestlings especially the papan and tabon (2) any direct persecution of the papan and conversion of its wetland habitat
? *Maging mapagbantay sa: (1) Mga kolektor ng mga itlog ng mga ibon at mga inakay nito lalo na sa papan at tabon (2) tuwirang kalupitan sa mga papan at pagbabago sa kanilang tirahang wetland.*
? Protect the wetland and mangrove habitat upon which Jomalig's wildlife depends.
? *Pangalagaan ang mga tirahang wetland at bakawan kung saan nakasalalay ang mga bihay-ilang ng Jomalig.*